**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

# PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
## HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
## February 18, 2022 (11:00 A.M. – 11:56 A.M.)

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio.

Ngayong araw ng Biyernes, ating hihimayin at lilinawin ang mga isyu patungkol po sa importasyon ng mga agricultural products sa bansa; aalamin din natin ang mga bagong impormasyon hinggil sa mga bakunahan sa iba't ibang age group; at ang programa po ng GSIS para sa mga miyembro nito.

Kaya mga kababayan, manatiling nakatutok at maging alerto gamit ang mga impormasyong hatid namin sa inyo. Simulan na po natin ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Noon pong nagdaang taon ay naranasan ng ilang probinsiya ang hagupit ng Bagyong Odette na nagdulot ng iba't ibang pinsala sa mga ari-arian maging sa sektor ng agrikultura. Kaya naman upang tugunan ang kakulangan sa supply ng ilan produkto, naisipan po ng Department of Agriculture na mag-import ng agricultural products tulad po ng gulay, prutas at poultry. Subalit hindi po nakaligtas ang hakbang na ito sa kritisismo ng mga apektadong magsasaka at ilang mga mambabatas. At upang bigyan tayo ng kaliwanagan tungkol sa usaping ito, makakasama po natin si Secretary William Dar ng Department of Agriculture. Good morning po, Secretary. Welcome back po sa Laging Handa.

**DA SEC. DAR:** Good morning po, Usec. Rocky, at sa lahat po ng televiewers po ninyo. Good morning.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, so far, ano po iyong assessment ng Department of Agriculture dito po sa mga produce ng ating mga farmers at fisherfolks sa unang dalawang buwan ng taon lalo na po iyong mga apektado o naapektuhan ng mga kalamidad?

**DA SEC. DAR:** Alam ninyo, Usec. Rocky, supisiyente po or sapat ang supply ng ating pagkain maliban sa mga commodities ng tinatayang magkakaroon ng deficiency sa first quarter gaya ng galunggong o small pelagic fishes. Monitored po namin ito, ang data, ang supply. At, historically, alam namin ang self-sufficiency level sa mga basic commodities kaya na-predict po natin iyan nang maigi, kasama natin ang PSA kasi sila iyong data managers po natin sa agrikultura at iba't ibang sektor.

So ganoon po, mayroon tayong sapat na pagkain. Itong galunggong ay isang problema, at isasama ko na rin iyong epekto ng Typhoon Odette doon sa bumaba na production natin sa asukal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, kumusta po iyong – nabanggit ninyo ang asukal, ano po – iyong produksiyon naman ng asukal sa bansa matapos nga po itong manalanta itong Bagyong Odette noong nakaraang taon at ilang main producer nito—may datos po ba kayo sa damage at kung ano po iyong epekto sa supply ng asukal sa ating bansa?

**DA SEC. DAR:** Tama po kayo, mayroon tayong datos doon sa Typhoon Odette, ang damage sa sugarcane industry ay umabot ng 1.15 billion pesos. So ang laki po ng dagok sa ating sugar industry. At as a result of Typhoon Odette, bahagyang bumaba ang supply natin ng asukal mula sa 2.099 million metric tons naging two million or 2.072 million metric tons na lang itong January dahil nga dito sa epekto ng Bagyong Odette.

Now, base sa Philippine Association of Sugar Refinery, ang tantiya nila sa refined sugar naman, bababa ng .824 million metric tons. So ito po iyong mga datos natin [garbled]

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, ano po iyong masasabi ninyo dito sa katanungan kung bakit daw kinakailangang mag-import pa ng 200,000 metric tons ng asukal gayung kasagsagan po ng harvest at milling season?

**DA SEC. DAR:** Gusto ko pong i-highlight, Usec. Rocky, na ang refined sugar, ang ating iaangkat lamang. Kung walang importasyon, mayroon lamang tayong balance ng refined sugar of 54,355 metric tons ayon sa Sugar Regulatory Administration. Ngunit, nang inaral ng SRA ang refined sugar consumption noong 2020 and 2021, ang average monthly refined sugar withdrawal ay nasa 82,564 metric tons.

So kapag hindi tayo mag-import, magkukulang tayo para sa isang buwan so dapat mapunuan ang dalawa hanggang tatlong buwan bago magsimula ang milling season. Nagsimula na or nagsisimula na ang milling season starting last year, September 1, at isang taon po itong cycle ng milling.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ano po iyong tugon ninyo dito sa inisyu na 20-day temporary restraining order laban po sa importation order ng inyong ahensiya?

**DA SEC. DAR:** Ang masasabi ko lang ay ang aming mga polisiya sa importasyon ay base sa datos na kinakalap namin katuwang ang PSA. Ang argument ng UNIFED (United Sugar Producers Federation) at iba para sa ganitong mga desisyon ay dapat nakabase rin sa datos. Iyon lang po ang masasabi namin kasi sub judice na po ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, maliban po sa asukal ay nagkaroon din po ng isyu nga, nabanggit ninyo rin itong importation sa galunggong. Kinukuwestiyon po ito ng ilang mambabatas at ito rin po ay nadadawit sa umano’y corruption issues. Ano po ang take ninyo sa usaping ito?

**DA SEC. DAR:** Again, let me highlight, nagbabase po lang tayo sa mga datos. Ang PSA po ay ang pina-source natin ng datos, at saka Bureau of Fisheries and Aquatic Resources. Wala pong katotohanan ang korapsyon ang nag-drive sa desisyong ito. Samakatuwid, datos talaga ang aming basehan, so sana maintindihan po ng publiko ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, ano po iyong gagawin ninyo o susunod na hakbang ng Department of Agriculture para po raw i-address itong issue na ito?

**DA SEC. DAR:** Ating sinasabi palagi, we need to boost productivity levels ng kahit anong commodity industry, sugarcane man or dito po sa fishery. Ganoon din sa crops, ganoon din sa livestock. We need to boost productivity level, at the same time seeing to it that the farmers become competitive. So talagang papataasin natin ang ani ng mga magsasaka, mangingisda sa pamamagitan ng interventions. Marami pong mga technology-based interventions sa lahat po ng sub-sector ng agrikultura. At dito sa fisheries, for example, may capture fisheries, may aquaculture. Nirirespeto rin natin iyong closed fishing season para mag-replenish iyong stocks. At talagang dibdiban iyong ating pagtulong sa mga capacity building ng ating mga mangingisda at, in general, sa ating mga magsasaka.

Tuluy-tuloy po iyon base po sa doon sa budget na natanggap or mayroon na ang Department of Agriculture. Ang isang example po, kung mataas ang budget, mas maganda po, mas malaki po iyong outcome. Let me cite you an example, Usec. Rocky, itong sa rice production sa bansa, well-funded, to include NIA budget, NFA nasa 62 billion na. And what was the outcome? We had a record harvest in 2020. Then a new record harvest again itong last year lang, 2021 – 19.96 million metric tons.

So, tumataas talaga kung substantial iyong budgetary support na ibinibigay doon sa sektor ng agrikultura. Sana po mapakinggan po tayo at gusto natin mapataas talaga iyong productivity level at gusto naming magiging competitive ang ating mga magsasaka at mangingisda.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, [basahin ko na lang po iyong] mga tanong ng ating kasamahan sa media. Unahin ko lang po iyong tanong ni Ivan Mayrina ng GMA News: Sabi daw po ni Senator Kiko Pangilinan, matindi iyong problema ng smuggling lalo na ng vegetable tulad ng carrots, mula pa nang July hanggang sa ngayon patuloy. Sabi nila, iyong mga vegetable farmer dito ang nawawalan ng 2.5 million pesos a day. Bagsak ang demand sa Maynila dahil iyong carrots galing ng China mas mura kaya narito na daw po.

**DA SEC. DAR:** Usec. Rocky, ang dami na naming nasabat na mga smuggled vegetables hindi lang carrots, iba't-ibang vegetable product. Alam ninyo, gusto ko ring ibalita na mayroon na kaming memorandum of agreement with the Bureau of Customs na magda-data sharing. So, lahat ng data bago pa man dumating ang produkto, mga imported items ay alam na natin kung ano iyong laman at i-inspect po natin iyan doon sa first border at mas lalo na sa second border.

Ang hindi po natin nasasabat ay talagang iyong mga ganiyang i-smuggle but pinaigting din natin iyong samahan ng DA, ng ating BOC plus DTI at kasama na po ang NICA, iyong kapulisan din, NBI. So, there is now a whole-of-government approach para masugpo itong smuggling, pero marami pa ring nakakalusot.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, tanong naman po mula po kay Racquel Bayan ng Radyo Pilipinas: Any update po sa pagbibigay ng fuel subsidy o fuel discount to farmers and fisherfolk sa gitna daw po ng magkakasunod na oil price hike? Magkano po ang ilalaang pondo ng DA for this?

**DA SEC. DAR:** Rocky, handa na po iyong guidelines. Laman lang, itong pamimigay ng fuel subsidy ay mayroong trigger mechanism bago ibigay.

Ano po iyong trigger mechanism? Na dapat m-a-reach iyong gasoline price ng $80/barrel threshold. Wala pa tayo diyan, malayo pa tayo diyan. So, iyon ang nakasaad sa batas na mayroon tayong trigger mechanism bago maibigay iyong fuel subsidy. Kung ako lang, gusto ko nang ibigay ito pero mayroon tayong sinusundan na batas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dagdag po na tanong ni Racquel Bayan ng Radyo Pilipinas: May timeline po kaya as to when do expect to implement targeted relief assistance para sa problema daw po sa petrolyo ng farmers and fisherfolks?

**DA SEC. DAR:** Continuing iyong assistance na ibinibigay namin other than the fuel subsidy. Doon sa fuel subsidy, mayroong nakalaan doon sa budget this year na P500 million, so, naghihintay iyan. Other than that, may mga agricultural interventions po tayo continuously naibibigay sa mga magsasaka at mangingisda. So, ganoon po ang ginagawa ng Department of Agriculture sa lahat ng commodity depende lang doon sa level ng budget na ibinigay sa Department of Agriculture.

So, kagaya dito sa next planting season sa rice, itong wet season, kasi patapos na itong dry season planting, mag-aani na dito sa Marso o Abril. So, ikinakasa na namin iyong mga interventions ulit para doon sa wet season planting ng rice kagaya ng pagbibigay ng fertilizer subsidy para rin iyong voucher system. So, para wala ng procurement at the level of the regional field offices, itong mga farmers na nakalista sa RSBSA (Registry System for Basic Sectors in Agriculture) ay iyon po ang mabibigyan at lalo na iyong mga farmers na nasa lower level.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, mayroon po ba kayong ibang plano para po tulungan itong ating mga local farmers and fisherfolk aside from dito po sa importation of agricultural products?

**DA SEC. DAR:** Well, we can only do so much. One example is the fertilizer, okay? Alam natin, this is a global phenomenon, hindi lang dito sa Pilipinas gawa na tumataas ang coal, ang weather ay nandiyan. Iyong mga manufacturing countries ay nagbaba ng production at iyong produksiyon nila ay iyong malalaki na mga bansa ay nag-stockpile. So, kakaunti na lang iyong fertilizer na nandoon sa merkado, global market.

So, gipit ang ating mga importing counties ng fertilizer na kagaya natin. Lahat naman iyong fertilizers natin ay galing ibang bansa, imported iyan. So, ang ginagawa po natin, mayroon tayong balanced fertilization strategy na combination iyan ng inorganic bio-stimulant at organic fertilizer. So, iyan ay nakaka- implement na po tayo diyan.

Another ginagawa po natin, nakikipag-usap tayo sa mga countries na nagma-manufacture ng fertilizer kagaya ng China, Iran, Malaysia, Indonesia at umuusad naman ang usapan. Ang tinatanong nila ay ilan ang volume at ano ang presyo na kaya nating bilhin. At kapag natapos itong negosasyon ng government-to-government ay itong mga private importers natin din ang mag-aangkat base doon sa ating usapan.

So, ito po iyong tulong po na ibinibigay natin sa ating mga magsasaka, in regard dito sa pagtaas ng presyo ng abono.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, pasensiya na may pahabol lang pong tanong si Celerina Monte ng NHK: You're saying daw po that support to farmers and fishermen has increased, so why the need to import more? Hindi ba because of so much importation nawalan ng gana ang farmers natin kasi they can't compete dahil mas mura iyong ini-import na mga product?

**DA SEC. DAR:** Lahat po ng aming desisyon, Usec. Rocky, ay base doon sa deficiency natin, iyong gap na hindi natin mai-produce locally iyon po ang inaangkat natin. So, that is ensuring food security.

We are still a net-importing country. Who is not going to support 100%, pero can we do it, do we have the budgetary support to make it possible na we produce 100% at all cost? Iyon po, every Filipino has that ambition pero base doon sa budgetary resources ng gobyerno at base rin dito sa ating present levels of productivity ay ang ating goal is to ensure food security for every Filipino.

Ang ibig sabihin, pataasin kung kaya po ang productivity level natin para sa ganoon nandiyan karamihan iyong sapat na pagkain pero kung mayroon pang isang mga deficiency level natin o gaps, iyan ay pagpupunuan, mau-augment iyan na galing ibang bansa. At I would to say na walang isang bansa na self-sufficient kasi lahat iyan interdependent po ang iba't ibang bansa sa mundo.

**USEC. IGNACIO:** Secretary William, kami po ay nagpapasalamat sa inyong oras, pagbibigay-impormasyon, Department of Agriculture Secretary William Dar. Secretary, mabuhay po kayo.

**DA SEC. DAR:** Maraming salamat, Usec. Rocky. Mabuhay po kayo at mabuhay po ang ating mga magsasaka at mangingisda.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po.

Samantala, nilinaw ng Department of Health na hindi maaaring gawing biglaan ang pag[garbled] na pagsusuot ng face mask – ito ay kahit bumubuti na ang COVID-19 situation ng bansa. Hinimok naman ng DOH ang publiko na sulitin ang ikatlong Bayanihan, Bakunahan para magkaroon ng dagdag proteksiyon mula sa virus, ang ulat mula kay Mark Fetalco. Mark:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Mark Fetalco.

Dahil sa patuloy na pagbaba ng mga naitatalang kaso ng mga nagpupositibo sa COVID-19, hinimok ngayon ng Department of Education ang mga pampublikong paaralan na nasa lugar na mababang alert level na paghandaan ang posibleng pagsisimula ng mga physical classes. Paalala lamang ni Senator Christopher 'Bong' Go na sana'y huwag kalimutang mag-ingat dahil sa banta pa rin ng sakit. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa Pilipinas:

· Naitala kahapon ang 2,196 na bagong kaso ng COVID-19 kahapon kaya umabot na sa kabuuang bilang na 3,646,793.

· At 107 na katao naman po ang naitalang [garbled] sa sakit kaya umakyat na sa 55,330 ang total death tally.

· Samantala nasa 3,524,875 ang lahat ng mga gumaling sa virus matapos pong madagdagan ng 4,409 na katao kahapon.

· Ang naitalang active cases ay umabot na sa 66,588 o 1.8% sa kabuuang bilang.

Samantala, makibalita naman po tayo sa mga pag-aaral ukol sa booster shot at kung anong aasahan nating mangyayari sa hinaharap kaugnay pa rin po ng pandemya. Upang sagutin ang ating mga katanungan ngayong araw, makakasama po nating muli ang Infectious Disease Expert na si Dr. Edsel Salvaña. Welcome back po sa Laging Handa, Doc.

**DR. SALVAÑA:** Magandang umaga, Usec. Rocky. Magandang sa lahat ng nanunood at nakikinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ed, ito muna—unahin ko itong tanong. Kasi mayroon pong pag-aaral itong BA.2 sub-variant ay magku-cause daw po nang mas severe na disease at kaya daw pong labanan itong mga proteksiyon na binibigay natin laban sa COVID-19. Ngayon pong bumababa na iyong ating mga kaso, ito po ba ay nakita ninyo at ano pong gagawing dapat paghahanda ng Pilipinas dito?

**DR. SALVAÑA:** Well actually karamihan ng Omicron sa ating bansa ay actually BA.2 and so iyong nakita natin na pagtaas at pagbaba, taglay na rin iyon na characteristic noong BA.2 kasi alam natin it's about 20 to 30 percent more contagious than BA.1 – pero they're both Omicron.

At dahil mataas nga ang lebel ng vaccination particularly sa NCR, hindi naman po na-overwhelm iyong ating health care system. Makikita po natin kung mas mataas talaga iyong number of deaths over time pero based on the flat… napaka-flat na number of severe and critical, mukhang hindi naman po talaga ganoon kataas iyong nadadagdag na deaths and in fact it looks like the vaccines have protected us from this Omicron spike which is predominantly BA.2. So sa ngayon ang nakikita po natin, mukhang nakayanan naman po ng ating vaccination level at ang ating minimum public health standards iyong tinatawag na Omicron wave.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ed, talagang napakahalaga ng pagbabakuna ano po. Pero ano po iyong update naman sa mga pag-aaral kung mayroon pong significance itong second dose ng booster shot?

**DR. SALVAÑA:** Yeah. So sa ngayon tinitingnan pa rin natin iyan kasi alam naman natin our vaccines protect us in three ways: First is they can decrease transmission; number two, is they can decrease infection – ibig sabihin mahahawa ka or hindi; at pangatlo, iyon protection against severe disease.

Iyong difference between two shots versus three shots, iyong first booster dose mukhang tumataas talaga iyong protection against infection at mayroong bahagyang increase in the protection against severe.

Iyong sa fourth dose, mukhang sa tingin namin, while there might be some increased protection to infection, iyong increased protection from severe disease, medyo konti lang iyong nadadagdag. At alam natin na even just with two doses, even without a booster, iyong ating current vaccines continue to protect against severe disease.

So baka mas maging targeted if ever man magbibigay tayo ng fourth shot or second booster dose lalung-lalo na doon sa mga highly exposed katulad ng health care workers at doon sa mga vulnerable population, iyong matatanda at iyong may mga comorbid infections.

Bagama’t mayroon rin at the same time ginagawang mga pag-aaral sa mas panibagong vaccines, iyong next generation na vaccines at iyong tinatawag na tweak vaccines na iyong na-reformulate na for the variants of concern para mas maging effective.

So lahat po ito sinusubaybayan natin pero the most important thing talaga is iyong tinatawag natin na primary series – the first two doses or the one dose from Janssen – dahil doon pa lang significant na iyong protection against severe disease at iyong booster, it helps iyong first dose; iyong second dose sa ngayon kailangan pa nating pag-aralan. But the most important thing is get vaccinated – two doses, three doses or maybe later a fourth dose – very, very important na vaccinated po tayong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc Ed, may naitala ba kayong nagpabakuna ng kanilang fourth dose kahit wala pa pong pinal na statement ang mga eksperto ukol dito? Pero okay lang po ba ito o mas mainam talaga kung ito’y ipagpapaliban muna?

**DR. SALVAÑA:** Sa tingin ko ipagpaliban muna natin. Unang-una siyempre marami pa rin ang hindi nakakakuha ng kanilang primary series so kailangan talaga natin i-prioritize iyong mga ‘yun. Second is kung konti na lang iyong nadadagdag na protection plus the fact na iyon nga, kukuha ka ng bakuna, baka hindi na rin ganoon kaepektibo iyong nadadagdag versus having a fourth dose and maybe later, mas maganda pa iyong mga vaccines na lumabas na puwedeng ibigay as a fourth dose. So sa ngayon ang recommendation po natin is do not get a fourth dose, do not get a second booster muna, dahil hindi pa tiyak ang efficacy nito versus iyong any possible side effects.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano naman po, Doc Ed, ang masasabi ninyo dito sa usapin ng booster shot para sa mga kabataang edad twelve to seventeen (12-17) na balak pong simulan nitong Marso?

**DR. SALVAÑA:** Iyong booster naman, as long as i-approve po ng ating FDA na puwede sa twelve to eighteen (12-18) years old, alam natin sa America separate po iyong naging approval noong booster shots for adults tapos naghintay po sila bago inaprubahan para sa twelve to seventeen (12-17) years old. So, hihintayin po natin iyan, kapag sinabi po ng FDA na puwede ng ibigay, puwede namang isama. Alam naman natin iyong mga second dose ng mga twelve to seventeen (12-17) years old, kakakumpleto lang noong November or December so, kung three months iyong pagitan from the time na nagkaroon ng second dose, magsisimula pa lang iyan siguro sa late February or March. But most important po talaga is the approval of the FDA na puwede na itong gawin, dahil kailangan pong i-review iyan ng ating Vaccine Experts Panel.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc Ed, ano naman po iyong estado ng mga pag-aaral tungkol sa iba pang brands ng vaccines na maaaring gamitin sa pagbabakuna sa atin pong mga kabataan?

**DR. SALVAÑA:** Well, tuluy-tuloy naman iyong mga pag-aaral na ito. Of course sa atin, kailangan talagang i-localized natin iyong mga studies na ito in terms of applicability, iyon po ang ginagawa ng ating Vaccine Experts Panel sa FDA. Sa katotohanan lang, ginagamit na iyong mga iba't ibang bakuna in younger people in different countries. For instance iyong Sinovac, three to 17 years old, ginagamit na nila sa Tsina at doon sa mga bata rin sa Indonesia. Bagama't na-submit na rin ng Sinovac ang kanilang datos sa FDA, kinikilatis at humihingi pa yata ng additional data ang ating Vaccine Experts Panel. But these are all being continuously reviewed at kung sa tingin ng VEP at ng FDA na sapat na iyong ebidensiya na i-apply sa atin, gagawin naman po ito at papahintulutan nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dito naman po sa booster shots sa mga senior citizens sa bansa. Bakit po kaya mababa ang turnout ng third dose sa kanila?

**DR. SALVAÑA:** Well, alam po natin, marami rin kasi talagang mga fake news na kumakalat diyan at nakakaapekto po talaga ito sa ating vaccine confidence. So pakiusap lang po namin, unang-una, let's all be educated about why vaccines are the single most important intervention to get us out to this pandemic. At lalung-lalo na doon sa ating mga vulnerable population, iyong mga nakakatanda at iyong mga comorbid conditions, may karagdagang proteksiyon po na nabibigay ang ating third doses para po mas maging ligtas.

Mayroon naman po tayong mga gamot, pero gumagana po itong mga gamot on top iyong vaccination, kasi ang pinakamalaking protective effect po talaga especially against severe disease na napatunayan sa maraming trials, sa maraming pag-aaral ay ang pagbabakuna at iyong karagdagang proteksiyon na nabibigay po ng booster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po mula sa ating kasamahan sa media. Mula po lay Red Mendoza ng Manila Times: Ano daw po iyong mga reaksiyon ninyo sa mga proposal ng pagtatanggal ng mask by the fourth quarter ng 2022? Posible po ba ito at maaari na bang gawin ito kung ang coverage ng bakuna ay 90% na?

**DR. SALVAÑA:** Well, mga ganitong bagay, hindi lang mask iyong ating mga restrictions, capacity controls. Always naman, that's on the table in terms of when it's safe to remove those. Pero iyong mask po siguro talaga sa ngayon, is one of the last things we will remove. Kasi alam

natin proven naman talaga iyong pag-prevent ng pagkalat ng disease, nakakaprotekta po ito. Certainly, it will be something that we will continue to look at as more and more people are vaccinated, kasi nagsisilbi nga itong mga layers of protection. S0 iyong ating mask, iyong ating physical distancing, iyong ating vaccination, iyong ating boosting. Tapos pababa na rin iyong lebel ng transmission in the community. Pero alam rin naman natin na ang dami na talagang pinakita nitong COVID na unpredictable.

So kinakailangan po talaga mag-ingat tayo, lalung-lalo na dahil iyon nga iyong ating healthcare capacity is not as high as the other countries that are already getting rid of their masks like Denmark, Sweden and in some parts of the United States.

Ang sa atin naman, ang ikinatutuwa ko naman is, ang mga Pilipino naman po ay ina-accept naman po iyong mask, they are readily use it and so, sa tingin ko panatilihin po natin ito, habang tayo dahan-dahang nagbubukas para po manatiling ligtas ang ating mga mamamayan.

**USEC. IGNACIO:** Mula pa rin kay Red Mendoza ng Manila Times: Marami po ang hanggang sa ngayon ay nagpapaniwala sa fake news, katulad nga po ng nabanggit ninyo tungkol sa mga bakuna at ang iba rito po ay pini-peddle diumano ng mga doctor na anti-vaxxer na siyang nag-iimpluwensiya sa mga magulang na huwag bakunahan ang anak nila. Ano po ang inyong payo sa mga magulang na may agam-agam pa rin po sa bakuna?

**DR. SALVAÑA:** Yes, very disappointing po talaga ito, dahil alam naman natin ang doctor dapat nakabatay po talaga sa siyensya ang kanilang mga inu-offer sa kanilang mga pasyente. At kung may mga doctor tayong mismo na anti-vaxxers or naglalagay po ng doubt dito sa efficacy ng ating vaccines na napag-aralan naman talaga at iniendorso ng mga medical societies, I think aside from the fact na siguro puwede naman silang humingi ng second opinion, tingnan rin po nila kung ano iyong pinapahayag ng ating mga medical societies that are the collective societies that speak with the voice. At iyong medical societies rin should probably also look into at least engaging these members na doctor na anti-vaxxers. Baka mayroon ring mali sa kanilang paniniwala at baka kailangang i-educate some more, more dialogue. Pero po disappointing po talaga, kasi iniisip po natin siyempre iyong mga doctor dapat laging iniisip iyong kaligtasan ng kanilang pasyente at sa pag-aaral naman po ang bakuna ay ligtas at epektibo at siya ang makakapaglabas po sa atin dito sa pandemya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ed, sinabi po ni Health Secretary Francisco Duque III na nalagpasan na ng Pilipinas ang crisis stage sa Omicron surge. Ano po ang masasabi ninyo dito?

**DR. SALVAÑA:** Actually, kung titingnan naman po natin iyong ating epidemic curves maganda naman po iyong pagbagsak. In fact, napakabilis noong pagbagsak, baka dulot na rin ito noong BA.2 dahil mataas and then mabilis din siyang bumagsak, even faster than the original Omicron curve in south Africa. And very, very clear naman po iyong ating healthcare system capacity, hindi naman na-overwhelmed dahil na rin sa mataas na level ng pagba-vaccinate.

So, I agree with Secretary Duque, nalampasan na po natin iyong Omicron wave, iyong spike po ng cases at pababa, mukhang nag-i-stabilize ngayon. Of course we are always on the lookout for mga new variants lalo na doon sa mga probinsiya na mababa pa iyong lebel ng ating

pagbabakuna, puwede pa ring mag-spike iyong areas na iyon. Pero kung titingnan po natin iyong latest na datos, lahat po ng regions, nag-peak na po at pababa na lahat ng cases and lalung-lalo na dito sa Metro Manila. Kahapon 398 cases lang iyong ni-report at very clear naman po na ang laki na po talaga ng ibinagsak ng ating mga kaso.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Doc Ed, baka mayroon kayong nais pang ibahagi o mensahe sa ating publiko lalo na iyong hindi pa po nagpapabakuna. Go ahead, Doc Ed.

**DR. SALVAÑA:** Yes. Thank you, Usec. Rocky sa pagkakataon na ito.

Gusto ko lang po talagang ipaabot sa publiko na dalawang taon na po tayong naghihirap dito sa pandemya at nakikita na po natin iyong finish line. Lahat po tayo excited doon, kasi siyempre sawang-sawa na po talaga tayo sa pandemya at ang nagdadala po talaga sa atin dito ay ang bakuna at ang ating pag-iingat, ang paggamit ng mask at ng ating public health standards na maganda naman po iyong ating pinakita in terms of caring for each other and protecting each other.

So lalung-lalo na doon sa hindi pa nagpapabakuna, please po magpabakuna na kayo para po makaahon na po tayo lahat dito sa pandemya na ito. Alam naman natin dapat wala talagang iwanan, pero kung hindi po kayo magpapabakuna, eh baka mahirapan rin po kayo lalung-lalo na kung mahawa kayo, dahil delikado pa rin po ang COVID, puwede pa rin pong ikamatay. Pero kung nabakunahan na po kayo, bumababa iyong risk na mamatay by more than 90% at para din po hindi na tayo makahawa, hindi na po lumabas iyong mga bagong variants.

Sama-sama po tayo. Ang mga bakuna po ay ligtas at epektibo at siya po ang mag-aahon sa atin dito sa pandemya. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat din po sa inyong pagsama sa amin at pagbibigay impormasyon, Dr. Edsel Salvaña, Infectious Diseases Expert. Stay safe po, Doc.

**DR. SALVAÑA:** Stay safe po.

**USEC. IGNACIO:** Sa puntong ito’y ibabahagi namin sa, ibabahagi naman sa atin kung anu-ano po ‘yung mga programang lease with option to buy ng GSIS. Sasamahan po tayo ng kanilang VP for Real Estate Asset Disposition and Management Office na si Atty. Apollo Escarez para po maghatid ng impormasyon ukol dito. Magandang araw po Attorney, welcome back po sa ating programa.

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Good morning Ma’am Rocky. Salamat po uli sa pagkakataong ibinigay ninyo sa GSIS na maisiwalat ang ‘yung programa. Good morning din po sa ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito ‘yung tanong natin: Ano po itong lease with option to buy? Ano po ‘yung layunin ng programang ito?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Ito pong lease with option to buy ay isa sa mga tugon ng GSIS sa panawagan ng ating pamahalaan na magbalangkas ng programang mas magbibigay ng higit na tulong sa kababayan natin dahil sa mga extraordinary na mga difficulties nila ngayong pandemic.

So under ng lease with option to buy po na pinush ng aming Chairman si Lucas Bersamin at saka ng aming presidente si Rolly Macasaet, ang utos nila is kung maaari huwag na tayo munang magpadala ng notice to vacate o mag-file ng ejectment cases. 'Yung mga kababayan natin na nakatira sa GSIS properties nang walang authorization o walang kontrata inu-offer po namin sa kanila ang pagkakataon na i-legalize 'yong kanilang paninirahan under the lease with option to buy po. Maaari po silang makipag-ugnayan sa amin at upahan 'yung mga properties na kanilang tinitirhan.

So ang priority po namin dito siyempre 'yung mga nakatira na pero 'yung mga properties naman po namin na bakante puwede pong mag-alok ang kung sinumang interested whether GSIS member or hindi na mag-enter into a lease with option to buy with GSIS po.

**USEC. IGNACIO:** 'Yung mga properties na covered ng lease with option to buy?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Ma'am Rocky, lahat ng properties ng GSIS na residential covered po, so kasama na po dito 'yung mga nasubasta na properties, kasama din po 'yung mga naremata o 'yung mga dating subject ng installment sale na nakansela na po, kasama po 'yan sa aming programa. Ang mahalaga lang pong tandaan natin is basta residential properties at ang purpose po ng magiging lease ay residential din po, ipi-preserve 'yung residential character nung property.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sinu-sino po 'yung puwedeng mag-avail ng inyong programa?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Ito 'yung maganda Ma'am Rocky dahil nga ginhawa 'yung gustong ihatid ng GSIS hindi namin nili-limit sa GSIS member lang ang puwede. So lahat basta Filipino citizen at mayroon siyang regular source of income whether member ng GSIS or hindi puwede pong mag-avail ng aming lease with option to buy. Tapos kung bakante po 'yung property puwedeng-puwede rin po kahit OFW ang mag-alok na mag-lease with option to buy with us.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ilang taon po 'yung term ng pagre-rent sa property?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Ito Ma'am Rocky, dahil initial pa lang 'to kumbaga sinusubukan pa namin kung paano ang magiging reception ng ating mga kababayan, ni-limit muna namin sa isang taon lang muna, so very short term lang siya. Pero Ma'am Rocky kung maganda naman 'yung record ng pagbabayad at pagmi-maintain ng property, renewable naman po siya every, every year. Basta po kung gustong i-renew 'yung lease with option to buy, magbigay lang po ng letter of expression ng interest to renew sa GSIS at least three months po bago mag-expire 'yung kaniyang kontrata.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Anu-ano daw po 'yung mga requirements na dapat isumite ng mga nais mag-avail nito at ano naman po 'yung magiging mode of payments para sa monthly rental fee, paano po ito made-determine ito pong rental fees sa GSIS property?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Okay po. So 'yung mga requirements po napakasimple lang:

· Kailangan lang pong mag-submit sa GSIS ng application form ng lease with option to buy,

· Kailangan din pong magbigay ng ID, any government issued ID or company ID at lately po puwede na po talaga 'yung kahit 'yung National ID natin o PhilSys ID.

· Tapos, any proof po na may regular source of income kung siya po ay empleyado o salaried na employee puwede pong magbigay ng certification na siya'y may ganito o ganiyang suweldo.

· Tapos 'yung mga properties po ng GSIS na available po buong Pilipinas 'yan, Ma'am Rocky, puwede ninyong makita 'yan sa website ng GSIS.

Doon naman po sa tanong na kung ano po 'yung rental rate, ang ano po namin kung ano 'yung prevailing rental rate doon sa lugar nila o kung ano 'yung in-offer nila, kung ano 'yung mas mataas sa dalawa, 'yun po 'yung aming magiging rental rate.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, pero kailan daw po puwedeng bilhin ng isang occupant ito pong inuupahang property at saan daw po puwedeng makita naman itong mga properties na available sa lease with option to buy?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Bale habang effective po 'yung lease with option to buy contract at anytime po during the effectivity puwede po siyang mag-exercise na ng kaniyang option to buy the property basta po hindi pa nag-e-expire 'yung lease with option to buy.

Tapos kung saan po makikita 'yung properties mayroon po 'yan naka ano po sa aming website 'yung www.gsis.gov.ph. Doon po puwede silang magpunta sa menu ng acquired assets. Doon po sa acquired assets makikita po nila doon nandoon na po 'yung kumpleto na listahan ng properties na available for lease with option to buy. Nandoon na rin po downloadable na rin po 'yung application form at kung anuman po 'yung kanilang mga questions mayroon po kaming prinovide doon na FAQs, questions and answers na rin po.

Ginhawa po talaga para sa ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ano daw naman daw po 'yung puwedeng gawin o saan po puwedeng lumapit sakali daw pong me tanong o nagnanais ng karagdagang impormasyon tungkol po sa inyong programa?

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Kung mayroon pa pong mga inquiries bukod sa doon sa makikita po sa aming website puwede po siyang magpunta sa gsis.gov.ph. Puwede rin po siyang magtanong sa mag-email sa gsiscares@gsis.gov.ph and of course puwede rin po niyang kontakin

‘yung telephone number namin 8847-4747 po, that’s for Metro Manila and for the provinces 1-800-8847-4747 po Ma’am Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, kami po ay nagpapasalamat sa inyong oras, Atty. Apollo Escarez, VP for Real Estate Asset Disposition and Management Office ng GSIS. Salamat po, Attorney.

**GSIS VP ATTY. ESCAREZ:** Maraming salamat Ma’am Rocky uli, salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Dahil nga sa mga nagkasakit sa dahil sa diarrhea outbreak sa ilang bayan sa Davao Oriental, binigyang atensiyon ng tanggapan ni Senator Go, nangako rin ang Senator na plano niyang pagbutihin pa ang healthcare system sa bansa para po sa agarang pagresponde sa mga outbreak gaya nito. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Para po sa pinakahuling pangyayari sa iba pang mga lalawigan sa bansa puntahan natin si Mary Ann Bastasa ng PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At ‘yan po ang mga balita at talakayan tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba’t ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP. Ako po si Usec. Rocky Ignacio magkita-kita po uli tayo bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center